

CHAPTER *One*

“*A*ling Maring naman! Baka po puwedeng bigyan pa ninyo ako ng isang linggo?” pakiusap ni Angeline sa may-ari ng inuupahan niyang boarding house.

“Aba, ilang beses mo na ’yang sinabi sa akin. Sawang-sawa na ako!” galit namang asik ng matabang babae habang nakapamewang sa harap niya.

“Parang awa na ninyo. Kapag sumuweldo ako, mababayaran ko na ang kalahati ng upa ko dito.”

“Hindi na. Ayoko nang maniwala sa mga pangako mo! Mabuti pa, humanap ka na ng ibang mauupahan mo dahil mayroon nang bagong bedspacer na kapalit mong uupa dito.”

“Ho? Biglaan naman po yata. Hindi pa nga ako nakakahanap ng malilipatan,” gulat na sabi ni Angeline sa kausap.

“Ah, basta. Mamayang gabi, ayusin mo na ang mga gamit mo at bukas ay darating na ang kapalit mong uupa sa kuwarto.” Hindi na siya nito hinintay na makapagsalita at nagmamadali na itong pumunta sa silid nito.

Halos manghina siya sa sinabi ng masungit na babae. Ilang buwan na kasi niyang hindi nababayaran ang kalahati ng upa sa kuwarto dahil ginamit niya ang pera sa pagpapagamot noong magkasakit siya at maospital.

Noong una ay pumayag ang babae na kalahati muna ang ibayad niya dahil ang kalahati ay ipinambili niya ng mga gamot na nireseta ng doktor at pambayad sa ospital.

Muli niya sanang kakausapin si Aling Maring para makiusap nang mapatingin siya sa wall clock. Mas lalo siyang nagulat nang makita na mag-a-alas siete na nang umaga.

Mabilis siyang pumasok sa banyo at nagmadaling naligo. Mayamaya ay lumabas na siya ng banyo at nagbihis. Lima ang kuwarto sa boarding house at apat silang bedspacer sa kuwartong iyon pero puro

naman sila mga babae kaya balewala sa kanya ang magbihis sa harapan ng mga ito. Paglabas niya ay nagtungo siya sa kusina para kumain ng dalawang pirasong pandesal at humigop ng mainit na kape. Matapos hugasan ang pinagkainan ay nagmamadali siyang lumabas ng gate ng boarding house para pumasok sa trabaho.

“Ano ba ’yan mukhang male-late na naman ako. Kailangan ko nang magmadali,” bulong niya sa sarili.

Mabilis niyang nilakad ang kalye papuntang sakayan ng jeep. Ilang minuto lang at agad siyang nakasakay. Mamaya na lang niya iisipin ang tungkol sa boarding house, dapat muna siyang pumasok sa trabaho dahil mas lalo siyang mahihirapan kung iyon ang mawala sa kanya.

Pagbaba ni Angeline ng jeep sa kanto ng Dela Fuente Street ay tinawid niya ang kabilang kalye at nilakad ang papuntang *UST*. Nang marating iyon, malalaki ang mga hakbang na pumasok siya sa kalye ng Lacson. Four minutes to eight na kaya dapat siyang magmadali upang hindi ma-late sa trabaho.

Apat na araw na siyang late sa linggong iyon at isang late na lang ay mabibigyan na siya ng memo sa pinapasukan niya.

Malapit sa *UST* ang malaking computer shop

na pinagtatrabahuhan niya bilang staff kaya mahigit isang minuto pa bago mag-alas ocho ay nakarating na siya doon at nakapag-punch in ng time card.

Inilagay na niya ang kanyang bag sa locker room at nagmamadaling pumuwesto sa may xerox machine. Siya kasi ang naka-assign doon.

Nakahinga siya nang maluwag dahil hindi siya late, pero bahagya pa siyang humihingal dahil sa mabilis na paglalakad kanina.

Sa pagdating niya ay napapailing na lang sa kanya ang mga kasamahan niyang staff. Alam kasi ng mga ito na muntik na naman siyang ma-late sa pagpasok. Nakapuwesto na ang mga ito at naghihintay na sa pagpasok ng mga kostumer.

“Naku, Angge, ano’ng nangyari sa ’yo at hingal-kabayo ka?” pabirong tanong sa kanya ng kaibigang si Emily nang tumabi siya rito. Isa ito sa mga staff doon na naka-assign naman sa bookbinding. “Bakit ba nagmamadali ka ha? Para kang hinahabol ng demonyo!”

“Muntik na kasi akong ma-late, eh. Si Aling Maring kasi, ’yung may-ari ng inuupahan kong boarding house, pinapalayas na ’ko,” inis na kuwento niya.

“Iyong babaeng balyena na ’yon, pinapalayas

ka?”

“Oo. Hindi ko pa kasi nababayaran sa kanya ang kalahati ng upa sa kuwarto kaya pinapaalis na ’ko.”

“Napakasama pala ng ugali ng bruhanng iyon. S’abi ko naman sa iyo, sa akin ka na muna tumira habang naghahanap ka nang mas mura at malapit na mauupahan,” sabi ni Emily. “Kung sa akin ka nakatira, tipid ka na sa pamasahe, hindi ka pa male-late.”

Tama naman ito. Malaki ang matitipid niya sa pamasahe kapag doon siya nakitira sa bahay nito dahil dalawang kanto lang ang layo nito sa pinapasukan nila, at hindi talaga siya male-late.

Nahuhuli lang naman siya sa pagpasok dahil palagi siyang inuunahan sa paggamit ng banyo ni Aling Maring. Tuwing gigising siya nang alas cinco y media ay palagi siya nitong inuunahan at ang nakakaasar, tinatagalan nito ang paggamit sa banyo. Naisip ni Angeline na sinasadya iyon ng babae para inisin siya. Ang resulta ay ilang araw siyang late sa trabaho.

Gusto niya sanang pagbigyan ang kaibigan, kaso nahihiya siya dahil maliit lang naman ang inuupahan nitong bahay at apat pa ang nakatira doon. Kasama ni Emily ang asawa, dalawang

anak, at ang nanay nito, kaya nahihiya siya kung makikisiksik pa siya. Matagal na rin niyang gustong makahanap ng malilipatan, pero wala naman siyang masyadong alam na lugar sa Maynila. Doon na kasi siya sa Mandaluyong nasanay dahil doon na siya napatira mula nang magtrabaho siya. Napadpad lang siya sa Maynila noong nagsara ang dati niyang pinapasukan.

“Kung mauupahan ang hanap mo, baka matulungan tayo ni Rick. Marami siyang alam na bedspace. Ilang beses na ring nagpalipat-lipat ’yon ng tirahan,” sabi ni Emily sabay tawag sa kasamahan nilang staff.

“Rick, Rick! Halika muna at may itatanong kami sa ’yo!” sigaw nito.

“O, mga Miss Beautiful, ano ang maipaglilingkod ko sa inyo?”

“May alam ka bang mauupahan kahit bedspace lang? Naghahanap kasi itong si Angge, eh.”

“Meron sa Morayta. Mamaya gusto mo ituturo ko sa iyo ang sakayan papunta d’un. Doon maraming bedspace. Saka isang sakay lang din iyon mula dito,” sabi uli ni Rick.

“O-okay, sige. Kailangan ko nang makahanap ng malilipatan dahil darating na bukas ’yung bagong

uupa sa boarding house.”

“Ewan ko ba sa iyong babae ka, hihiya-hiya ka pa kasi. Inaalok ko na nga ’yung bahay ko nang libre eh, ayaw mo pa,” sabi uli ni Emily.

“Hay naku, ayokong makaabala sa inyo ng pamilya mo. Thank you sa offer pero kailangang masanay na ’kong mag-isa. Huwag kang mag-alala, kaya ko naman ang sarili ko.”



Paglabas nila nang alas siete nang gabi ay itinuro ni Rick sa kanya ang sakayan papuntang Morayta. Sa harap iyon ng *UST* kung saan may mga sasakyan nang dumadaan papunta doon.

“Sabihin mo na lang sa driver na ibaba ka sa Morayta. Kapag nand’un ka na, magtanong ka na lang kahit kanino doon kung saan mayroong mga paupahan,” bilin pa ng lalaki habang nag-aabang sila ng jeep.

“Thank you ha, Rick. Sana makakita na ako ngayon.”

Pinara ng lalaki ang isang jeep na may signboard na Morayta at sumakay na siya doon. Tamang-tama na sa harapan siya napaupo. Kinawayan pa niya ang lalaki nang umandar na uli ang jeep.

“Manong, bayad ko po. Pakibaba na lang ako sa

Morayta, hindi ko po kasi alam, eh,” sabi niya.

“Sige, iha!” sagot ng may-edad na driver.

Kahit sinabi na niya sa driver na ibaba siya sa Morayta ay talagang tinalasan niya ang mga mata. Tumingin-tingin siya sa paligid at baka siya lumampas, ngunit matandain ang driver at ibinaba siya sa kanyang destinasyon.

Pagbaba ng jeep ay nilakad ni Angeline ang kahabaan ng kalye at naghanap ng mapagtatanungan. Mabilis niyang nilakad ang isang malaking eskinita. May nakita siyang isang lalaki na nakatayo sa labas ng isang nightclub. Hindi niya mawari kung nightclub ba talaga iyon dahil napansin niyang puro matatandang babae at bakla ang nakatambay sa labas niyon. Bumibili ang lalaki ng sigarilyo sa labas ng club. Hinintay niyang makuha nito ang binibili at saka niya tinanong.

“Puwede bang magtanong?” sabi niya sa batang-bata pa palang lalaki. Napansin agad niyang guwapo ito at maganda ang tindig. May kalakihan din ang katawan ng lalaki. Nakasuot lamang ito ng itim na chaleco bilang pang-itaas kaya litaw na litaw ang mga muscles nito, at itim na pantalon ang pang-ibaba.

“Ano ba iyon?” tanong nito habang hinahagod siya ng tingin.

“Naghahanap kasi ako ng mauupahan kahit bedspace lang. May nagsabi sa akin na marami dito sa Morayta.”

“Sino ang titira, ikaw ba?”

“Oo. Pinapaalis na kasi ako sa dati kong boarding house kaya naghahanap ako ng malilipatan. Saka gusto ko rin na malapit sa pinapasukan ko. Diyan lang ako sa España nagtatrabaho.”

Habang nagsasalita si Angeline, napansin niyang parang pinag-aaralan nito ang hitsura niya, pasimple nga lang. Napansin pa niyang bahagya itong tumangu-tango na para bang approved ang hitsura niya. Hindi naman kasi maitatangi na may kagandahan si Angeline kaya hindi magkandatuto sa pagtingin sa kanya ang guwapong lalaki.

“Halika, sumunod ka sa akin.” Lumapit sa isang motorsiklong nakaparada sa tapat ng club.

“Marunong ka bang umangkas sa motor?” tanong pa nito.

“H-hindi, eh.”

“Hindi ka naman mahuhulog dito basta manimbang ka lang. Puwede kang kumapit sa bewang ko. Saka mabagal lang ang gagawin kong pagpapatakbo.”

“Teka, bakit naman ako sasama sa iyo? Ituro na

lang ninyo sa akin ang lugar at lalakaran ko na lang.”

Ngumiti ang lalaki, at lalo itong naging guwapo sa paningin niya. Bahagya tuloy napalagay ang loob niya rito.

“Para madali mong makita ang mga paupahan dito. Saka gabi na kasi. Ikaw rin, babae ka pa naman!”

Hindi makapagpasya si Angeline kung sasama o hindi. Hindi naman niya kilala ang lalaking iyon, kahit pa guwapo at macho ito. Di bale sana kung maglalakad lang. Baka mamaya ay rapist pala ito. Bigla tuloy siyang kinabahan.

Ngumiti ang lalaki. “Natatakot ka ba sa akin? Mukha ba akong manyakis o rapist?”

“Naku, hindi. Kaya lang...”

“Kaya lang ano?”

“Ay ano kasi, eh... W-wala. Sige, sasama na ako sa 'yo.”

“Okay,” sabi nito at sumakay na sa motorsiklo. Sumakay na rin siya. Inalalayan pa nga siya nito. “O, ready ka na?”

“R-ready na!”

Binuhay na nito ang makina at ilang saglit pa ay umaandar na sila. Nang lumiko sila ay bahagya silang kumiling. Sa nerbiyos ni Angeline dahil first time niyang makaangkas sa motorsiklo ay

napayakap siya sa bewang ng lalaki.

“Hindi ka naman mahuhulog, basta kumapit ka lang at mag-relax,” natatawang sabi nito.

Medyo napapahiyang bumitaw siya sa bewang ng estranghero.

Hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit siya pumayag na sumama sa lalaki na ngayon lang niya nakilala. Pakiramdam niya ay wala naman itong masamang gagawin sa kanya dahil sa maamo nitong hitsura.

Tatlong minuto lang halos ay huminto na sila sa harap ng isang malaking apartment na up-and-down, may dalampung pinto yata lahat. Bumaba sila at binuksan nito ang gate ng pinakagitnang pinto at saka ipinasok ang motor.

“Halika,” tawag nito habang binubuksan ang pinto ng apartment. “Tuloy ka!”

Sumunod siya rito.

Maluwang ang loob ng apartment. Maganda at puno iyon ng mga mamahaling kagamitan. Kahit ang mga simpleng dekorasyon doon ay mukhang hindi lang binili kung saan. Natitiyak niyang mahal ang renta sa apartment na iyon.

“Maupo ka,” anyaya nito nang maupo ito sa sofa at magsimulang maghubad ng sapatos. Binuksan rin

ng lalaki ang ceiling fan para hindi sila mainitan.

“A-akala ko ba sasamahan mo ako sa...”

“Itong paupahan na ito ay pagmamay-ari ni Madam X,” agaw nito. “Dalawampung pinto ito lahat, two-storey, at may tig-dalawang kuwarta sa itaas. Sa akin niya ibinigay ang pamamahala dito. Istriкто siya pagdating sa pagbabayad ng renta kaya mahuhusay magsibayad ng renta ang mga nangungupahan dito.”

“S-sino si Madam X?” kinakabahang tanong ni Angeline.

Natawa ang lalaki sa reaksiyon niya.

“Siya ang kumupkop sa akin noong bata pa ’ko. “Yun lang ang tawag sa kanya. Hindi siya gaya ng iniisip mo kaya wala kang dapat ipag-alala.”

“Eh, pero...”

“Nag-iisa lang naman ako sa unit na ito, kaya walang umookupa sa isang kuwarta. Kung gusto mo, dito ka na lang mangupahan!”

“N-naku, mukhang mamahalin itong apartment na ito, eh. H-hindi ko yata kaya ang renta dito. Bedspace lang naman ang kailangan ko, kahit apat o lima kami sa isang kuwarta, okay lang sa akin.”

Tumingin ito sa kanya at napansin niya ang muli nitong paghagod ng tingin sa kanyang kabuuan.

Nakatayo lang kasi siya malapit sa kinauupuan ng lalaki.

“Maupo ka nga muna at baka mangawit ka katatayo. Huwag kang mahiya.”

“T-thank you,” aniya at naupo na rin sa isa pang sofa na kaharap ng lalaki.

“Magkano ba ang upa mo sa tinitirhan mo ngayon? At bakit s’abi mo kanina, pinapalayas ka na d’on?” tanong nito habang hinuhubad naman ang medyas na suot.

“Dalawang libo kasama na ang ilaw at tubig. Pinapalayas na ako kasi hindi ko pa nababayaran sa may-ari ’yung kalahati ng upa ko n’ung nakaraang buwan. Kalahati lang ang naibigay ko sa kanya dahil ang natirang kalahati ay ipinambili ko ng mga gamot at pinambayad sa ospital n’ong nagkasakit ako. Nangako naman ako sa kanya na babayaran ko ang kulang, kaso ayaw na niya akong pagbigyan,” paliwanag niya.

“Medyo mahal pala ang upa mo at napakawalang-puso naman ng may-ari ng dati mong inuupahan.”

“K-kaya nga ako naghahanap ng mauupahan dito kasi bukas darating na ’yung bagong bedspacer na kapalit ko.”

“O, eh di, ibibigay ko na lang sa ’yo nang isang

libo, libre na ang ilaw at tubig. Isang libo na agad ang natipid mo. Makakatipid ka rin sa pamasahe. Nakita mo naman, isang sakay lang ito mula sa pinagtatrabahuhan mo. Lalakad ka lang nang kaunti patungo dito.”

Natuwa naman si Angeline sa alok nitong presyo dahil napakalaki ng matitipid niya. Malapit lang din iyon sa pinapasukan niya at wala na ring Aling Maring na bubunganga sa kanya at nakikipag-unahan sa kanya sa banyo tuwing papasok siya sa umaga. Maganda pa ang tutuluyan niya at maluwang din.

Kaya lang, lalaki ang makakasama niya at silang dalawa lang doon. Hindi pa niya ito kilalang mabuti. Hindi nga niya alam kung ano ang trabaho nito, kung ano ang ginagawa nito sa labas ng nightclub, tapos, mayroon pang Madam X. Nagtataka rin siya kung bakit napakababa ng renta sa ganoong kalaki at kagandang apartment. Kaya nagdadalawang-isip siya sa alok nito.

“Puwedeng magtanong?” untag niya sa lalaki.

“Ano ’yon?”

“Nakita kitang nakatambay sa labas ng nightclub kanina. Doon ka ba nagtatrabaho? Ako kasi ay staff sa isang computer shop sa España. Ikaw, ano ang

trabaho mo?” tanong niya.

Muling natawa ang lalaki. “Nightclub? Hindi iyon isang nightclub,” nakangiting sagot nito.

“Eh, ano ’yon?”

“Gay bar ’yon, at oo, doon ako nagtatrabaho!”

Nagulat siya. Kaya pala napansin niyang may mga nakatambay din doon na mga matrona at mga binabae. At isa pang nakakagulat ay doon ito nagtatrabaho. Ibig bang sabihin...

“Gay bar? Ibig sabihin isa kang...?”

“Kung anuman ang iniisip mo, nagkakamali ka! Waiter ako doon. Nagse-serve ako ng mga inumin at pagkain sa mga kostumer.”

Talaga lang ah! sabi ni Angeline sa isip.

“Oy, alam ko ang iniisip mo. Waiter lang talaga ako at saka itong suot ko, ito ang uniform namin,” tukoy nito sa itim na chaleco.

“Parang ang hirap maniwala na waiter ka lang sa gay bar. Tapos, ganyan pa ang suot mo?” may pagdududang aniya.

Biglang tumayo ang lalaki at lumapit sa kanya. Hindi agad siya nakakilos sa ginawa nitong paghawak sa magkabilang armrest ng maliit na sofa. Inilapit nito ang mukha sa mukha niya.

“Bakit? Ano ba’ng akala mong trabaho ko?”

nakangiting tanong nito sa kanya na tila nang-aakit.

“Ah, eh... kuwan. M-malay ko ba,” nauutal niyang turan.

Muli itong natawa at bumalik sa pagkakaupo sa sofa. “Relax! Kung ayaw mong maniwala, ayos lang. Huwag kang matakot at hindi naman ako masamang tao.”

“Hindi naman sa gan’un. Pasensya na rin kung marami akong tanong.”

“Okay lang ’yon. O, ano na, gusto mo na ba itong unit?” Nakatingin ito nang matiim sa kanya.

“Eh, t-tayong dalawa lang ba dito?”

“O, eh, ano naman, mukha ba akong rapist sa paningin mo?”

“H-hindi naman. K-kaya lang...” Hindi niya malaman kung ano ang sasabihin.

“Kung gusto mo, makipagkaibigan ka sa mga tenant dito para kung sakaling may masama akong gagawin sa ’yo, sisigaw ka lang. Siguradong maraming tutulong sa ’yo dito.”

“H-hindi naman ako nag-iisip nang gan’on.”

“O, eh bakit ayaw mo pang pumayag na dito mangupahan? Mura ko na ngang ino-offer sa ’yo ang isang kuwarto. Saka ikaw lang ang bukod-tanging inalok ko ng ganyang presyo, baka akala mo. May

mga gusto ngang umupa dito, pero pinresyuhan ko nang six-five kaya nag-backout agad. Mapili kasi ako sa mga uupa dito sa akin. Hindi ako basta-basta nagpapatira dito.”

Napatingin siya sa mukha ng kausap. Mukha naman talaga itong mabait, at talagang guwapo. May palagay siyang mga beinte cinco o beinte seis lang ang edad nito.

“Ano, magdesisyon ka na. Bibigyan kita ng limang minuto. Pag natapos iyon, gagawin ko nang three-five ang presyo ng kuwarto,” sabi nito na sumulyap sa wristwatch na suot.

Bigla siyang nanghinayang. Wala na siguro siyang makikitang mauupahan na ganito kamura, kalaki at kaganda.

“S-sige, p-payag na ’ko.”

“Good! Paano, okay na tayo ah?”

“Okay.”

CHAPTER *Two*

*R*anina pa tayo nag-uusap pero hindi pa tayo magkakilala. Ano ba ang pangalan mo?”
“Ako si Angeline. Angeline Castro, pero ‘Angge’ na lang ang itawag mo sa ‘kin.”

“Nice name. Ako naman si Calix. Calix Miguel De Loyola,” turan nito at inilahad ang isang kamay. Inabot niya iyon at nagkamay silang dalawa.

Bahagya pa siyang napakislot nang maramdaman ang init na nagmumula sa palad ng lalaki. Parang nilalagnat ang kamay nito. Hinila na niya agad ang palad nang maramdaman niyang hindi iyon bibitawan agad.

“Siguro nagtataka ka kung bakit pangmayaman ang apelyido ko, samantalang sa gay bar lang ako

nagtatrabaho. Hindi ko naman talaga apelyido iyon. Pinagamit lang sa akin ni Madam X ang apelyido niya n'ung ampunin niya ako. Tunog-mayaman lang pero hindi ako totoong mayaman. Ang taong umampon lang sa akin ang mayaman at hindi ako.”

“Huwag kang mag-alala. Balewala naman sa akin,” sagot ni Angeline.

“Saka nga pala, ‘Calix’ na lang ang itawag mo sa akin.”

“Kung iyan ang gusto mo ikaw ang bahala, Calix.”

Napangiti ito. Tila nakarinig ng isang magandang awitin.

“Alam mo kapag ikaw ang bumibigkas sa pangalan ko, gumaganda sa pandinig ko.”

“M-maganda naman ang pangalan mo, ah. Gusto ko iyang mga pangalang ganyan.”

“Talaga ba? Ang suwerte ko pala dahil gusto mo ako,” nakangising anito.

“Hindi ikaw, 'no, 'yung pangalan mo lang!” Bahagya pa siyang umirap.

Natawa ito nang malakas. Tumayo na si Calix na para bang masayang-masaya. “May nakapagsabi na ba sa 'yo na mas lalo kang gumaganda kapag umiirap ka?” pabiro nitong tanong.

“May nakapagsabi din ba sa ’yo na bolero ka? Hay naku, ang mabuti pa ay uuwi na ako.”

“Teka muna, hindi pa nga tayo nag-uusap nang matino. Huwag mo na lang akong pansinin dahil masaya lang ako’t may makakasama na ako dito. Matagal na kasi akong walang kasama dito. Minsan nakakalungkot dahil wala akong makakuwentuhan man lang.”

“Baka kasi gabihin ako, eh.”

“Sandali lang. Halika muna sa itaas, ipapakita ko sa ’yo ang magiging kuwarto mo,” anitong nagpatiuna na sa pag-akyat.

Medyo nabawasan ang pag-aalala niya at sumunod siya rito.

Binuksan ng lalaki ang kuwarto sa bandang kaliwa.

“Oh, ito ang magiging kuwarto mo. Akin itong nasa kanan. Pareho lang ng laki ang dalawang kuwartong iyan.”

Iginala ni Angeline ang tingin sa loob ng maluwang na kuwarto. May kama roon pero walang bedsheet. Wala nga kasing umookupa niyon. May maliit na tokador sa tabi ng kama na puwedeng paglagyan ng mga personal na gamit. Mayroon ding banyo sa loob ng kuwarto.

“Ano sa tingin mo? Ayos na ba ito sa ’yo?” tanong ni Calix. Nakatayo lang sila sa may pinto.

“Okay na ito. Maganda, maluwang, at solong-solo ko dito.”

“Kung gusto mo, pagkagaling mo sa trabaho ay lumipat ka na dito bukas. Medyo maalikabok lang dito dahil matagal nang hindi nalilinis. Huwag kang mag-alala, tutulungan kitang maglinis.”

“Oo, bukas ng gabi ay lilipat na ’ko dito. Wala naman akong ibang gamit na dadalhin kundi mga damit ko lang at mga personal na dokumento. Huwag mo na ’kong tulungang maglinis. Kaya ko namang linisin mag-isa ito. Nakakahiya sa ’yo.”

“Sure ka?”

“Oo naman. Sanay ako diyan.”

“So hintayin kita dito bukas, ha?”

Tumango siya.

“Wait lang, kailangan ko pa bang magbigay ng dalawang buwang deposit at isang buwang advanced ng renta?”

Iling ang sagot ni Calix. “Hindi na kailangan iyon, basta ’yung unang buwan lang ang bayaran mo.”

“Baka puwedeng sa suweldo ko na rin ibigay ’yung unang bayad ko?” tanong ni Angeline.

“Bahala ka, kung kailan ka maluwag.”

“Thank you. O, paano, uuwi na ako’t gabi na.”

“Ihahatid na kita sa labasan. Hintayin mo na lang ako sa ibaba at magpapalit lang ako ng damit.”

Bumaba na siya at naghintay sa sala. Hindi naman nagtagal ay bumaba na rin si Calix. Bahagya pa siyang natigilan nang makita ang ayos ng lalaki.

Naka-maong shorts lang ito na hapit na hapit kaya bakat ang lahat ng puwedeng bumakat. Hindi niya naiwasang mapatingin sa bahaging iyon ng lalaki. Wala siyang ibang nagawa kundi mapakagat-labi. Sandong itim ang pang-itaas nito na hapit din iyon kaya nakabakat ang mga muscles nito sa dibdib at ang itinatago nitong tiyan.

Napaka-macho ng lalaki. Sa ayos na iyon ay napakalakas ng karisma nito at parang napakahirap pigilin ang sariling titigan ito.

“O, bakit ganyan ang pagkakatingin mo sa akin?” tanong nitong bahagyang nakangiti.

“Ah, eh, wala. Tayo na ba?” sagot niyang bahagyang napahiya.

“Sige, tara na!”

Inakbayan siya ni Calix at hindi siya tumanggi. Sa halip, nakadama pa siya ng kakaibang kasiyahan. Hindi nito inalis ang kamay sa kanyang balikat

hanggang nang makalabas sila ng apartment.

“Mag-dinner muna tayo, ha? 'Libre kita!” anito nang malayo na ang natatakbo nila.

“Ha? Naku huwag na, Calix. Kakakilala pa lang natin, magpapalibre agad ako. Nakakahiya naman sa 'yo.”

“Wala namang problema doon, saka minsan lang akong magyaya. Pa-welcome ko na sa 'yo iyon, dahil may makakasama na ako sa unit.”

“Sa ibang araw na lang, Calix. Gusto ko na kasing makauwi, eh. Mag-aayos pa 'ko ng mga gamit ko.”

“Okay. Ihahatid na kita!”

“N-naku, huwag na. Magji-jeep na lang ako.”

“Natatakot ka lang yata sa motorsikolo ko, eh. Huwag kang mag-alala at maingat akong magmaneho. Basta kumapit ka lang sa akin at hindi ka mahuhulog.”

Hindi na siya kumibo. Nahihiya na kasi siya dahil sobra na ang mga ginagawa nitong kabaitan sa kanya.

“Ano, ready ka na? Ididiretso ko na ito? Alam ko naman kung saan ang Balic-Balic. Saka puwede tayong dumaan sa mga shortcut para mapabilis tayo. Idiretso ko na, ha?”

Hindi na siya nakatanggi. Ang totoo naman ay

gusto rin niyang magpahatid sa guwapo at machong waiter ng gay bar.

“Bahala ka na nga. Kung hindi ka naman maaabala, bakit hindi.”

“Hindi ka kaabalahan sa akin,” tugon nito sa kanya.

Hindi na niya pinansin ang sinabing iyon ng lalaki kahit nakapagpakilig iyon sa kanyang puso.

Ilang minuto lang at narating na nila agad ang inuupahan niyang boarding house dahil kung saan-saang maliit na kalye nagsusuot ang motor ni Calix. Marami talaga itong alam na lugar.

“Thank you, Calix,” sabi niya nang makababa sa motorsiklo. “Pasensya ka na kung hindi man lang kita maaanyayahang pumasok sa loob. Puro kasi kami babae at napakasungit pa ng landlady.”

“Ayos lang,” sagot nitong napakasimpatiko ng ngiti. “Gusto mo bang sunduin kita dito bukas para hindi ka na mahirapan?”

“Ha? Huwag na. Didiretso na ako sa apartment bukas pagkagaling ko sa trabaho. Dadalhin ko na kasi ang mga gamit ko pagpasok ko bukas, para hindi na ako babalik dito. Isang malaking bag lang naman ang bitbit ko. Kaya ko na ’yon. Saka baka may trabaho ka sa oras na iyon.”

“Puwede naman akong hindi pumasok sa bar.”

“Naku, huwag na, Calix. Sobra na ang kabutihan mo sa akin. Isa pa, hindi ka na ba babalik sa trabaho mo? Di ba panggabi ang mga waiter doon?” nagtataka niyang untag.

“Kaya nga ako nagpalit ng damit kanina dahil hindi na ’ko babalik sa bar. Kahit naman hindi ako araw-araw pumasok, okay lang dahil ako ang head waiter doon. May mga tauhan naman ako d’on. Buong gabi lang ako nand’un kapag may espesyal na araw gaya ng Big Night. Alam mo naman siguro kung ano ang nagaganap sa gabing iyon.” Ngumisi ito sa kanya.

“Huwag mo nang sabihin sa akin at hindi ako interesado,” aniya sabay irap. “Sige na, at papasok na ’ko sa loob.”

“Ayaw mo talagang sunduin kita?”

Umiling lang si Angeline.

“Bahala ka. Pero teka, maaari bang mahingi ang cell phone number mo?” pahabol na tanong nito.

“At bakit naman?” Napataas ang kanyang kilay.

“Para madali mo ’kong matawagan o mai-text kapag nagkaproblema sa unit. Ayaw mo ba?”

“O-okay. Ito ang number ko.” Napilitan din siyang ibigay ang numero niya sa lalaki.

“Ayo! Paano, bukas na lang?”

“Oo. Thank you uli.”

“Tuloy na ako!”

“Ingat ka!”

Pinatakbo na nito ang motorsiklo. Humahangang sinundan niya ito ng tingin at hindi siya umalis sa kinatatayuan hangga’t hindi ito nawawala sa kanyang paningin.

Matapos niyang maiayos ang kanyang mga gamit ay nahiga na si Angeline para magpahinga.

Nang gabing iyon ay si Calix pa rin ang nasa isip niya—ang simpatikong ngiti ng lalaki, ang guwapong mukha, at ang lalaking-lalaki dating. Nagpapasalamat siya na ito ang napagtanungan niya. Para sa kanya, isa itong anghel na bumaba sa lupa para tulungan siya sa kanyang problema. Malaki na ang matitipid niya, magkakaroon pa siya ng inspirasyon.

Agad siyang nag-open ng data sa cell phone at hinanap sa *Facebook* ang pangalan ng lalaki. Mayamaya, nakita niya agad ang account nito. Halos matulala siya sa profile picture ni Calix. Napakaguwapo nito at napakakisig sa suot na asul na sando pero laking dismaya niya dahil naka-private ang account nito.

“Kainis naman!” aniya sa sarili.

Aaminin niya, crush niya si Calix Miguel De Loyola. Pero kahit humahanga siya sa lalaki ay nahihiwagaan pa rin siya sa pagkatao nito. Mukhang mayaman ang umampon sa lalaki, pero bakit waiter lang ang trabaho nito, at sa gay bar pa?

Gayunpaman, ngayon pa lang ay excited na siya sa pagtira sa apartment na iyon. Mapapalapit na siya sa binata, malalaman din niya ang tunay na pagkatao nito oras na tumira siya kasama ito.



“Hoy, babae, bakit dala-dala mo na ’yang malaki mong bag? Lilipat ka na ba sa sinasabi mong apartment?” malakas na tanong ni Emily.

“Oo. Mamaya paglabas ko, diretso na ako sa bago kong lilipatang magandang apartment,” pagyayabang ni Angeline.

Tinext niya agad sa kaibigan na nakahanap na siya ng bagong uupahan. Kinuwento rin niya ang tungkol sa makakasama niya doon.

“Totoo ba na guwapong-guwapo at machong-macho ang makakasama mo sa apartment? Pero hindi ka ba natatakot, baka masamang tao ’yon at kung ano pa’ng gawin sa ’yo?” nag-aalalang saad nito.

“Siyempre kahit paano may kaba pero mukha

naman siyang mabait at hindi naman mukhang manyakis kahit nagtatrabaho sa gay bar.”

“Ano ’ka mo? Sa gay bar nagtatrabaho?” gulat na tanong ng kaibigan. “Hindi nga manyakis, lapitin naman ng mga bading at matrona ang mga macho dancer at call boy.”

“Hindi siya call boy o macho dancer. Head waiter siya doon.”

“Parang ang hirap namang maniwala na ang isang napakaguwapo at machong lalaki, eh, waiter lang sa gay bar? Naku, maniwala ka sa akin, rumaraket din ’yon doon kaya nagawa niyang tumira sa magandang apartment.”

Napabuntong-hininga na lang si Angeline. Bigla siyang napaisip, baka nga totoo ang sinasabi ni Emily. Pero wala siyang pakialam, crush pa rin niya ito.

CHAPTER *Three*

*A*las siete y media na nang makalabas si Angeline sa computer shop. Hindi naman nagtagal ay nakasakay din siya. Pagbaba niya sa Morayta ay nilakad niya ang malaking eskinita na una niyang dinaanan nang nakaraang gabi. Muli niyang nakita ang gay bar na inakala niyang nightclub. Dahil sa curiosity, pumasok siya doon.

Pagpasok pa lang sa pinto na gawa sa salamin ay bumungad na sa kanya ang isang lalaki na may katangkaran, malaki ang pangangatawan, at balbasarado.

“Miss, hindi pa po kami open. B’alik na lang kayo mamayang alas nueve,” sabi nito sa kanya.

“May hinahanap kasi ako. Nandiyan ba si Calix?”

Nakaisip agad siya ng itatanong.

Hinagod muna ng tingin ng lalaki ang kanyang kabuuan bago sumagot. “Si Sir Calix? Kaaalis lang niya. Kanina nandito siya pero nagmamadaling umalis at may importante daw na aasikasuhin.”

Nang bigla, may isa pang lalaking pumasok sa pinto. Mukhang bata pa ito, sa tantiya niya ay nasa diez y ocho hanggang beinte años lang ito. Nakasuot din ito ng itim na chaleco na gaya ng suot ni Calix nang makilala niya ang huli. Tulad ni Calix, guwapo rin ang isang ito at mayroong magandang katawan. Mas maputi nga lang ang kutis kumpara kay Calix na moreno. Mas matangkad din ang housemate kaysa sa lalaki.

“Excuse me, kilala mo ba si Calix, Calix Miguel?” tanong niya.

“Opo, kilala ko si Sir Calix. Head waiter po siya dito,” sagot nito.

Tama nga ang sinabi ng loko, head waiter nga ito at ‘sir’ pa ang tawag ng mga kasamahan dito. Pero ewan ko ba, hindi pa rin ako kumbinsido.

Parang napakamistryoso mo. Sino ka ba talaga, Calix Miguel De Loyola?

“Miss, sino po ba kayo? Bakit po n’yo hinahanap si Sir Calix?” tanong nito.

“K-kaibigan ko siya. Kukumustahin ko sana. S’abi niya, dito daw siya nagtatrabaho, eh,” palusot ni Angeline.

“Ang alam ko po ay maaga siyang umalis kanina. Baka po sinundo na naman n’ung matandang babae...” Bago pa man naituloy ng lalaki ang sasabihin, nagsalita na ang balbas-saradong lalaki na tila guwardiya sa pinto ng bar.

“Pumasok ka na, Arman. Marami ka pang gagawin sa loob,” sabi nito sa binata.

Napakamot na lang ang huli sa ulo at dali-daling pumasok. Hindi na niya nahabol ng tingin ang loob ng bar dahil medyo madilim ang ilaw na naroon. Nagpaalam na rin si Angeline.

Sinundo na naman? Matandang babae?

Agad niyang sinaway ang sarili. Ano nga ba ang pakialam niya kung saan ito pumunta at kung sino ang kasama nito?

Kinalimutan na muna niya si Calix dahil kailangan na niyang makarating sa apartment. Gabi na at pagod na ang kamay niya sa bitbit na malaking bag.



Alas ocho y media nang makarating sa apartment si Angeline. May susi naman siya dahil

pinagkatiwalaan siya ni Calix ng duplicate. Pero laking gulat niya nang bumukas ang gate at lumabas si Calix na nakapambahay lang.

“Bakit nandiyan ka?” tanong niya sa lalaking papalapit sa kanya.

“Hinihintay kita.”

“Hindi ka pumasok?”

“Obvious ba?” nakangiting balik-tanong nito.

“Akala ko...” Hindi niya itinuloy ang sasabihin, sa halip ay iniba na niya iyon. “Bakit naman? Inaabangan mo ba ang pagdating ko?”

“Gusto kasi kitang tulungang maglinis,” nakangiting saad nito.

“Kaya ko namang linisin ang kuwarto kahit ako lang mag-isa.”

“Gusto kong mag-general cleaning. Matagal nang hindi nalilinis ang buong bahay, eh.”

Ang balak lang naman ni Angeline ay linisin ang kuwarto niya, tapos ang gusto ng lalaking ito ay mag-general cleaning? Umalis nang maaga sa trabaho para maglinis ng bahay sa disoras ng gabi? Palihim na lang siyang natawa sa lalaki.

Binubit ni Calix ang dala niyang malaking bag at iniakyat iyon sa kuwarto niya.

“Mag-dinner muna tayo bago magsimula sa

paglilinis,” sabi nitong inalis ang takip ng mga pagkain sa mesa. Mayroong tinolang manok, pritong isda, at dinuguan.

“Naku, nag-abala ka pa. Masyado na ’kong spoiled sa ’yo, ah!”

“Siyempre bago tayo sumabak sa paglilinis, kailangang may laman ang mga sikmura natin. Halika na. Ano’ng gusto mo—cold water, juice, o softdrinks?”

“Ako na ang kukuha ng panulak natin, ’no. Nakakahiya naman sa ’yo!”

Naupo na lang si Calix habang kumukuha ng kanilang inumin si Angeline sa refrigerator.

“Dagdagan ko ng yelo ang baso mo?” tanong niya sa lalaki.

“Sige, thank you,” turan nito.

Masaya nilang pingsaluhan ang hapunan nang gabing iyon.

“Nakakahiya naman sa iyo, naghanda ka pa nito!” sabi niya habang kumakain.

“May bayad ’yan, ’no. Tutulungan mo ’kong maglinis sa buong apartment!”

“Aba, ayos lang naman sa akin ’yon. Dito ako titira kaya okay lang na kasali ako sa paglilinis.”

Napangiti ang lalaki bago dinampot ang baso ng

softdrinks at uminom.

Lihim namang napapangiting sinamantala niyang hagurin ito ng tingin habang hindi nakatingin sa kanya.

Nakasandong puti lang si Calix at nakasuot ng hapit na itim na maong shorts na nakadagdag sa dating nitong lalaking-lalaki. Tila nang-aakit ito sa kanyang paningin at nakapagpakagat na naman sa labi.

Mayamaya ay sinampal ni Angeline ang sarili dahil kung anu-ano na naman ang nai-imagine niya.

“Tumigil ka, Angge!” pabulong niyang saway sa sarili.

Hindi na sila gaanong nag-usap ng lalaki dahil gusto nilang makatapos agad ng paglilinis kaya matapos nilang mailigpit ang pinagkainan ay naghanda na sila para sa kanilang operation night cleaning.



Nagtuloy na ang dalawa sa kuwarto sa itaas para maglinis. Inuna na nila ang kuwartong ookupahin niya.

Humanga siya nang husto kay Calix dahil napakahusay nitong maglinis gayong lalaking-lalaki ito. Mabilis tuloy nilang natapos ang kanyang

kuwarto. Nang iwan nila iyon ay malinis na at maayos. Mayroon nang malinis na bedsheet ang kama, kumot, at dalawang unan na binigay sa kanya ng lalaki. Nag-spray din sila ng pampabango sa loob ng kuwarto.

Isinunod nila ang silid ni Calix na halatang hindi rin nalinis nang matagal na panahon. Marahil ay puro walis lang ang ginagawa nito.

Tinulungan niya itong magpalit ng bedsheet sa kama, kumot, at mga punda ng unan. Pinalitan na rin nila ang kurtina tulad ng ginawa nila sa kanyang kuwarto. Palibhasa ay dalawa sila, madali nilang natapos iyon.

Seryoso ang dalawa at halos walang namamagitang usapan sa kanila. Bumaba si Angeline para doon naman maglinis habang naglalampaso ng hagdan si Calix. Winalisan niya at inagiwan ang buong sala at kusina. Pagkatapos ay binunot ang sahig. Pinagpupunasan din niya ang mga picture frames at iba pang dekorasyon.

Matapos iyon ay nagtuloy siya sa banyo at iyon naman ang nilinis niya. Nasiyahan siya na kahit lalaki at nag-iisa ay napanatili ni Calix na walang amoy ang toilet bowl. Lalo tuloy siyang humanga sa lalaki dahil mukha itong responsableng tao.

Matatapos na siya sa banyo nang bumaba si Calix na pawis na pawis. Wala na itong suot na pang-itaas. Kitang-kita niya ang pawisan nitong katawan. Napakagat-labi na naman siya dahil kung dati ay hangang-hanga na siya sa machong katawan ni Calix kahit pa may suot itong damit, ngayong hubad na ito sa kanyang paningin at tanaw na tanaw na niya ang malalaki nitong muscles sa dibdib at abs sa tiyan. ‘Katawang pangromansa,’ ika nga.

Nasira ang kanyang pagpapantasya nang biglang magsalita ang lalaki. “O, ayos ka lang ba diyan?” tanong nito habang nagpapahid ng pawis sa dibdib.

“Ah, eh, s-saglit na lang ito. Wala naman na tayong lilinin pagkatapos nito,” medyo nauutal pa niyang sabi.

Hindi na siya iniwan ni Calix hanggang sa matapos niya ang banyo.

“Wow, ang linis-linis na, ah!” komento nito habang nakangiti at nakatingin sa loob ng toilet bowl.

“Hindi naman talaga marumi, eh. Maingat ka kasing gumamit ng banyo.”

“Aba, dapat lang ’yon dahil ako rin ang mapeperhuwisyong kung mangangamoy ’yan.”

Maghahatinggabi nang matapos nilang linisin

ang buong bahay. Ang natitira na lang ay ang maruruming damit nila ni Calix.

“Matulog na tayo, bukas na tayo maglaba,” sabi nito habang nagpupunas ng pawis sa hubad na katawan.

Hindi napigilan ni Angeline na mapanganga sa magandang tanawin na nakikita niya: ang guwapong si Calix at ang hubad nitong katawan na nakabalandra sa harapan niya.

“Angeline, okay ka lang ba?” tanong ng lalaki.

“Ah, eh, ano nga ba uli ’yung tanong mo? Sorry, sobra yata akong napagod kaya kung anu-ano na’ng naiisip ko,” palusot niyang sagot.

“Ang s’abi ko, bukas na natin labhan ang maruruming damit. Matulog na tayo.”

“O-okay, sige.”

“Ako na ang maglalaba bukas. Magpahinga ka na lang. Day-off mo bukas, di ba?”

“Ay, hindi! Tutulungan kita. Tayong dalawa ang maglalaba bukas.”

Napangiti naman ito sa sinabi niya. “Alam mo kung hindi ka pa dumating dito, hindi malilinis itong unit.”

“Iba talaga kapag may babae sa bahay. Bakit kasi hindi ka pa mag-asawa?” biro niya sa lalaki

para alamin kung mayroon na itong asawa o nobya. “Tingin ko naman ay nasa tamang edad ka na para lumagay sa tahimik.”

“Walang magkamali, eh.”

“Hindi ka pa nagkaka-girlfriend?”

“Aaminin ko na may mga nakarelasyon ako dati, pero ngayon binatang-binata ako at malayang-malaya.”

“Naku, hindi ako naniniwala. Sa hitsura mong ’yan, hindi ka na uli nagkaroon ng girlfriend?”

“Aba, iyon naman talaga ang totoo,” seryosong sabi ni Calix.

Napangiti siya sa reaksyon nito. Naramdaman niya na nagsasabi ito nang totoo. Wala siyang nakitang wedding ring sa daliri nito mula nang dumating siya sa apartment, kaya tiyak niyang wala pa itong asawa.

“Hindi ka ba nalulungkot dahil wala kang asawa o girlfriend man lang?”

“Bakit ako malulungkot, eh, mukha namang malapit na rin akong magkaroon ng girlfriend,” sabi nitong ngingiti-ngiti.

“Teka, ibig sabihin ay may nahanap ka na?” tanong niya.

“Bakit kailangan ko pang maghanap, nasa tabi-

tabi lang naman siya.”

Aba, nagpaparamdam yata ang loko, ah, naisip ni Angeline pero sa loob niya ay parang gusto niyang kiligin.

“Alam mo dapat isipin mo muna kung papasa ka sa kanya,” aniya.

“Bakit, hindi ba ako papasa sa ’yo?”

“T-teka, bakit ko sasagutin iyan? Di ka pa naman nanliligaw ’no!”

“Eh di, manliligaw ako.”

“H-hindi kita type ’no!” aniya sabay irap.

Natawa nang malakas si Calix. Natawa na rin siya. Sa loob ay kinikilig siya sa sinabi nito.

Parang gusto niyang himatayin nang mga oras na iyon dahil sa sobrang kilig.



Maagang nagising si Angeline. Pagbaba niya ay agad niyang nakita si Calix na nagluluto. Nagpiprito ito ng itlog at bacon para sa kanilang almusal at nakapagtimpla na rin ng kape na nakalagay na sa mesa.

“Bakit hindi mo ’ko ginising para ako na ang nagluto niyan?” tanong niyang nahihiya sa lalaki.

“Hindi na kita ginising kasi ang himbing ng tulog mo. Saka kayang-kaya ko na ito. Alam kong

napagod ka nang husto sa paglilinis kagabi. O, upo na at maghahain na ako.”

“Ipinagtimpla mo na rin ako ng kape? Sobra na yata ’yan. Boarder mo lang ako, pinakain mo na nga ako tapos ipinagluto pa. Sobrang nakakahiya na. Baka sabihin mo, inaabuso kita.”

“Ano ka ba, wala ito. Gusto ko ’tong ginagawa ko. Saka naglinis ka naman dito, eh. Huwag mong intindihin ’yon.”

Nagsimula silang kumain. Ibang-iba ang pakiramdam niya nang mga sandaling iyon dahil parang masayang-masaya siya. Masaya siya sa presensya ng lalaki. Para siyang nakikipagbahay-bahayan kay Calix.

Napailing siya at lihim na kinastigo ang sarili sa naiisip.

Angge, tumigil ka nga! Itigil mo ’yang pagpapantasya mo!

“Maglalaba pa nga pala tayo ’no?” biglang tanong niya.

“Naku, hindi ko pala nasabi sa ’yo. Pinalabhan ko na sa laundry shop ’yung marurumi nating damit.”

“Ano?! Ang dali-dali namang maglaba, eh. Sana tayo na lang ang naglaba.”

“Ayos lang ’yun. Ngayon lang naman, eh.

Napagod tayo sa paglilinis kagabi kaya okay lang na mag-relax muna tayo.”

“Calix, huwag mo ’kong tratuhin na parang... H-hindi mo ako bisita dito. Isa pa, sanay ako sa mga gawaing-bahay. Kung paglalaba lang naman, kayang-kaya ko ’yon.”

“Huwag ka nang mamroblema, ngayon lang naman iyon, eh. Pareho tayong napagod kagabi kaya ayos lang na magpahinga na lang tayo. Huwag mo nang isipin ’yon.”

Napatitig na lang siya sa guwapong mukha ng lalaki. Napakaamo talaga ng hitsura ni Calix at napakabangong tingnan sa suot nitong puting t-shirt at walking shorts.

“Nga pala, ia-add sana kita sa *Facebook* p-pero naka-private ang account mo,” medyo nahihiya niyang sabi.

“Bakit mo alam? Ini-stalk mo ako ’no?”

“Hindi ’no! K-kung ayaw mo, eh di...”

“Kahit ganito ako, napaka-private kong tao kaya hindi naka-open for public ang account ko. Alam mo naman sa panahon ngayon, napakaraming manloloko. Ibigay mo na lang sa akin ang *FB* account mo at ako na lang ang mag-a-add sa ’yo,” paliwanag nito.

“Ah, ganoon ba? Sige, ibibigay ko na lang sa ’yo mamaya.”

Buong araw silang nagpahinga sa loob ng apartment. Nanood sila ng DVD at nagpa-deliver ng pagkain para sa kanilang tanghalian. Pagkatapos nilang mananghalian ay natulog sila pagsapit ng hapon.

Napasarap ang tulog nila kaya nang magising sila at napatingin sa bintana ay napansin nilang madilim na ang kalangitan.

Nang gabing iyon ay niyaya siya ni Calix na lumabas at mamasyal. Hindi na siya nakatanggi dahil mapilit ito. Nagyaya pa ang binata na mag-ikut-ikot sila sakay ng motorsiklo nito. Gustung-gusto naman niya iyon dahil nakahawak siya sa bewang nito habang tumatakbo ang motor. Bukod doon ay langhap na langhap niya ang natural at nakapag-iinit na amoy ng buhok at katawan ni Calix. Gustung-gusto niya ang lalaking-lalaking amoy nito.

Nakatatlong ikot sila sa kahabaan ng Recto Avenue bago sila nagtuloy sa isang mall sa Quiapo.

Kahit naiilang, gustung-gusto ni Angeline ang magkahawak-kamay nilang pagpasok sa malaking mall na iyon.

Naglibut-libot muna sila sa loob, tumitigil sila

sa harap ng mga stall kapag may nakatawag sa kanilang pansin. Gusto nga sana siyang ibili ni Calix ng damit pero tumanggi siya. Kahit anong pilit nito ay talagang hindi siya pumayag.

Wala naman kasing okasyon para ibili siya nito ng regalo. At hindi naman sila magkasintahan para gawin iyon sa kanya ng lalaki. Hindi naman nagpilit pa si Calix.

Mayamaya, nakaramdam na sila ng gutom kaya nagyaya ito na kumain sa ibang lugar. Nagmamadali silang lumabas ng mall. Dinala siya nito sa isang malaking Chinese restaurant sa Binondo.

“Calix, ha, sobra na itong ginagawa mo sa akin. Pakiramdam ko tuloy, ang kapal-kapal na ng mukha ko.”

“Huwag mong isipin ’yan. Masaya ako sa ginagawa ko kaya pabayaan mo na lang ako.”

Hinintay muna niyang maiayos nang husto ng lalaki ang pagkakaparada ng motorsiklo nito bago sila pumasok sa loob ng restaurant. Hindi siya nakatanggi nang hawakan siya nito sa braso habang papasok sa kanilang kakainan.

Habang kumakain, palihim niyang hinagod ng tingin ang lalaki. Lutang na lutang pa rin ang kaguwapuhan nito kahit simpleng poloshirt na

itim lang ang suot nito at maong pants. Kung hindi lang niya alam na waiter ito sa gay bar ay baka mapagkamalan niya itong executive sa isang malaking kompanya.

“Tagasaan ka nga pala, Angge?” tanong nito habang kumakain sila.

“Lumaki ako sa Mandaluyong. Maaga akong naulila sa mga magulang kaya sumabak na 'ko sa pagtatrabaho. Nakapagtapos naman ako sa high school kaya natanggap ako sa pinapasukan kong computer shop.”

“Pareho pala tayo. Ulila na rin ako. Kasama ang mga magulang ko sa mga nasawi n'ung lumubog ang barkong sinasakyan namin papuntang Romblon noong anim na taong gulang ako. Nakaligtas ako sa aksidenteng iyon dahil sa mag-asawang sumagip sa akin. Dahil walang kamag-anak na gustong kumupkop, ibinigay nila ako sa malapit na kaibigan ng aking ina at iyon ay si Madam X. Siya ang umampon at nagpalaki sa akin. Siya 'yung may-ari ng apartment at n'ung gay bar kung saan ako nagtatrabaho.”

“Kung malungkot ang buhay ko, mas malungkot pala ang sa 'yo,” sabi ni Angeline.

“Kaya siguro pinagtagpo tayo ng tadhana.”

Natigilan ang dalaga. Parang bigla siyang nailang sa mga titig ni Calix na parang kay lalagkit.

Dinampot niya ang baso ng tubig at uminom nang kaunti. Nang tumingin siya dito ay nahuli niyang nakatingin din ito sa kanya nang matiim.

“B-bakit?” tanong niya.

“N-naniniwala ka ba sa love at first sight, Angge?” balik-tanong nito sa boses na gustong-gusto ng kanyang pandinig.

“H-hindi ko alam,” kinakabahang sagot niya. Malakas na malakas ang kabog ng kanyang dibdib at may nabubuong matinding pananabik sa kanyang puso. Bakit ba kasi iyon ang itinanong nito?

“Iyon kasi ang naramdaman ko sa ’yo noong una kitang nakita, Angge. Hindi ko rin maintindihan ang sarili ko kung bakit iyon ang naramdaman ko sa unang pagtatama ng mga paningin natin. Alam mo bang super excited ako at sobrang pinanabikan ko ang paglipat mo sa unit ko?”

Iyon din ang nararamdaman niya para sa lalaki. Baka nga mas higit pa ang pananabik niya kaysa rito. Natatandaan niyang hindi siya agad-agad nakatulog nang gabing umuwi siya galing sa apartment nito dahil iniisip niya ito at pinananabikang makita uli. Gustung-gusto na niyang sumapit ang bukas.

“K-kung sasabihin kong ganyan din ang nararamdaman ko sa iyo, magiging cheap na babae ba ako sa paningin mo?” tanong ni Angeline.

“Hindi. Sa halip, magiging mas masaya ako dahil may katugon pala ang damdamin ko,” masayang sabi nito at hindi na napigilan ang sariling hawakan ang kanyang kamay. “Mahal kita, Angge!”

“Mahal din kita, Calix...” sagot niya.

Bigla na lamang itong sumigaw nang malakas na ikinatingin sa kanila ng mga nagsisikain sa restaurant.